Government of **Western Australia**
**School Curriculum and Standards Authority**

# Checklist ng estudyante para sa Aplikasyon sa WACE na kurso sa Wika

Gamitin ang checklist na ito para makuha ang lahat na kailangan na ihanda bago umpisahan ang iyong *Aplikasyon para sa permiso na mag-enrol sa isang WACE na Kurso sa Wika* (*Aplikasyon sa Wika*). Kung mayroon kang anumang mga katanungan, paki-sabi ito sa iyong magulang/mga magulang o guardian/mga guardian, sa iyong guro sa wika o sa administrasyon ng eskwelahan, o maaari kang mag-email sa School curriculum and Standards Authority (ang Authority) sa languagesenrolment@scsa.wa.edu.au. Isang komprehensibong gabay para sa Estudyante ay maaaring makita sa WACE kurso sa Wika na mga aplikasyon na webpage (https://www.scsa.wa.edu.au/sirs-and-srms-info/srms-information/wace-language-applications).

## 1 Pag-log-in sa portal ng estudyante

Para mag-log-in sa portal ng estudyante (https://studentportal.scsa.wa.edu.au), kailangan mo ang iyong **WA na numero ng estudyante**, na makikita mo sa iyong ulat/mga ulat sa eskwelahan. Maaari ring nasa SmartRider mo ito. Kailangan mo din ng **isang personal na email address** atito ay kailangang kayang ma-access ang iyong personal na email na account kapag nakumpleto mo ang iyong *Applikasyon sa Wika*. Sa paggamit ng isang personal na email na address makakatanggap ka ng mga email matapos kang lumisan na sa iyong eskwelahan, at ang iyong email address sa eskwelahan ay nag-expire na.

## 2 Impormasyon sa edukasyon

Kailangan mong ibigay ang mga sumusunod na impormasyon sa edukasyon:

- ❑ detalye ng mga eskwelahan na iyong pinasukan matapos ang bawat taon ng pagpasok mula sa Bago-mag-primarya:
  - pangalan ng eskwelahan
  - pangunahing wika na ginamit sa pagtuturo sa eskwelahan
  - wika/mga wika na pinag-aralan (kung mayroon man)
  - mga oras ng pag-aaral ng wika bawat linggo (kung mayroon man)
- ❑ ulat/mga ulat ng eskwelahan para sa mga taon na kung saan ka pumasok ng eskwelahan/mga eskwelahan sa labas ng Australya (kung mayroon man)

## 3 Impormasyon sa tahanan

Kailangan mong ibigay ang mga sumusunod na mga detalye sa tahanan:

- ❑ mga bansa na kung saan ka tumira
- ❑ mga bansa na iyong binisita/pinuntahan/nagbakasyon, kasama na kung bakit/mga dahilan at tagal ng pagbisita/mga pagbisita sa loob ng bansa. Kasama lamang dito ang mga bansa na kung saan ang wika ay kapareho ng wika na iyong ina-apply-an.

## 4 Pinanggalingan na wika

Kailangan mong ibigay ang mga sumusunod na mga detalye sa wika:

- ❑ ang unang wika/mga wika na natutunan mong isalita
- ❑ iba pang mga wika na gamit mo pangsalita, pambasa, at pansulat
- ❑ ang wika/mga wika na iyong ginagamit sa pakikipag-usap sa iyong magulang/mga magulang o guardian/mga guardian at iyong mga kapatid at mga kaibigan

❑ ang wika/mga wika na gamit ng iyong magulang/mga magulang o guardian/mga guardian

## 5 Sumusuportang mga dokumento

Kailangan mon kunan ng litrato o i-scan ang mga sumusunod na mga dokumento para i-upload sa iyong aplikasyon:

❑ nakumpleto na *Pagkilala ng Magulang/Guardian na* form – kailangan ito

❑ pahina sa pagkakakilanlan ng pasaporte – kung ikaw ay ipinanganak sa ibang bansa o nanirahan sa labas ng Australya

❑ Ulat/mga ulat ng eskwelahan - kung ikaw ay pumasok sa eskwelahan/mga eskwelahan sa labas ng Australya

❑ talaan/mga talaan ng paglipat ng mga bansa - kung ikaw ay tumira o madalas na nagpunta sa mga bansa o mga lugar na kung saan ginagamit ang wika na iyong ina-apply-an (at kung hiniling ng Authority)

I-save ang mga sumusuportang mga dokumento sa iyong computer o mobile na telepono bilang **.pdf**, **.jpg**, **.jpeg** or **.png** na mga file, na **may maximum na sukat ng 4MB para sa bawat file**. Ang mga dokumentong Word ay **hindi** tatanggapin, at hindi dapat na gumamit ng mga puwang (spaces) o hindi malaman na mga character o simbolo tulad ng < > ? ! / \ ” * : , # % $ ( ) { } + = @ kapag naglalagay ng pangalan sa mga file.